"Abal Hindi maaari, Maliit ang batong ito para sa ating dalawa, Mababasa ka rin dito. Sumukob ka na sa iba," ang sagot ng uod.

Lumakad ang dwende. Lumapit siya sa isang halaman.

"Maaari ba akong sumukob sa dahon mo? Takot na takot lamang ako sa ulan," ang sabi ng dwende sa halaman.

"Maliliit pa ang mga dahon ko, Mababasa ka rin dito. Sumukob ka na sa iba," ang sagot ng halaman.

Lumakad na naman ang dwende. Wala siyang makitang halamang malaki ang dahon. Tumingin siya sa malayo. May nakita siyang

isang bagay na maputi.

"Ano kaya iyon?" ang tanong niya. Lumapit siya.

"Oy! Kabute! Malaking kabute! Dito na ako sa lilim ng kabute habang umuulan."

Umupo ang dwende sa lilim ng kabute. Doon siya sumukob. Ngunit malapit na ang gabi ay umuulan pa.

"Ibig ko nang umuwi ngunit umuulan pa. Ano kaya ang gagawin ko?" ang tanong ng dwende sa sarili.

Tiningnan niya ang puno ng kabute.

Ang sabi niya, "Maaari kong bunutin ito. Maaari kong dalhin ito. Hindi ako mababasa sa daan."

Kinuha ng dwende ang kabute. Lumakad siya na dala-dala niya ang malaking kabute. Masayang-masaya siyang lumakad na patungo sa kanyang bahay sa ilalim ng lupa.

"Hindi na ako takot sa ulan ngayon. Hindi na ako mababasa kung umuulan. Mayroon na akong malaking kabute," ang sabi niya.

Ang kabute ng dwende ang siyang unang payong.

Sallak-o
(Sallak-en)

Noong unang panahon, mayroon daw mag-asawang pobreng-pobre. Ang pangalan ng babae ay Sallak-o. Araw-araw silang nagtatrabaho sa bukid pero isang kahig isang tuka pa rin ang pamumuhay nila.

Maski sa araw ng kanilang pamamahinga ay nagtatrabaho sa bukid si Sallak-o, dahil kung hindi niya gagawin ito ay hindi sila kakain. Pagdating niya doon sa bukid para maghukay ng kamote, may narinig siyang ibon na naroon sa hangganan ng kanilang bukirin at isinisigaw ang, "Sallak-o, hulihin mo ako. Sallak-o, hulihin mo ako."

Narinig ni Sallak-o 'yon at sinabi, "Ano kayang uri ng ibon 'yan na paulit-ulit ang sinasabi?"

Hinuli nga niya ito at tinalian niya sa paa at pakpak at saka niya tinakpan ng kanyang basket at naghukay siyang muli ng kamote. Habang naghuhukay siya ay sinabi na naman ng ibon, "Sallak-o, iihaw mo ako. Sallak-o, iihaw mo ako." Nayamot na naman si Sallak-o doon sa paulit-ulit na sinasabi ng ibon kaya inihaw nga niya 'yong ibon at saka niya tinakpan ng kanyang basket. At ipinagpatuloy niya ang maghukay ng kamote ngunit nagsalita na naman 'yong inihaw na ibon at paulit-ulit na sinabi, "Sallak-o, kainin mo ako. Sallak-o, kainin mo ako." Nayamot na naman si Sallak-o sa inuulit-ulit ng inihaw na ibon at nagpahinga siya at kinain nga niya ito. At ipinagpatuloy niyang muli ang paghuhukay ng kamote,

Habang naghuhukay na naman siya ay narinig na naman niya 'yong kinain niyang ibon na paulit-ulit na namang sinasabi ang, "Sallak-o, idumi mo na ako. Sallak-o, idumi mo na ako."

Nayamot na naman si Sallak-o doon sa paulit-ulit na sinasabi no'ng kinain niyang ibon, kaya lumayo-layo siya at siya'y dumumi. Umalis siya at nagpatuloy siya sa paghukay ng kamote.

Habang siya'y naghuhukay ng kamote, narinig na naman niya 'yong idinumi niya ibon na paulit-ulit na naman niyang sinasabi ang, "Sallak-o, bakuran mo ako. Sallak-o, bakuran mo ako."

"Ay naku! Ang ibong 'yan o!" sabi ni Sallak-o. Pero nagpunta na naman dahil yamot na yamot siya. Tiningnan niya at nakita niyang may suhang sumisibol. At ngayon parang natuwa na siya at ipinagpatuloy niya ang paghukay ng kamote.

Habang siya'y nakayukong naghuhukay ng kamote ay nagsalita na naman 'yong ibong naging isang puno ng suha at sinabi, "Sallak-o, tingalain mo ako. Sallak-o, tingalain mo ako."

Nagtuwid nga si Sallak-o at tumingala at nakita niyang lumaki na 'yong puno at may malalaki at magagandang mga bunga. At nagpatuloy pa rin sa paghuhukay ng kamote si Sallak-o.

Habang naghuhukay na naman siya ay sinabi na naman ng suha, "Sallak-o, pitasin mo ako. Sallak-o, pitasin mo ako."

"Ay naku, mamamatay ako nito ehi" Bakit sumisigaw na naman ang suha sa akin?" Kaya pumitas siya ng isa at saka niya inilagay sa kanyang basket. At ipinagpatuloy niyang muli ang maghukay ng kamote. Ngunit habang naghuhukay na naman siya ay sinabi na naman no'ng pinitas niyang suha, "Sallak-o, hiwain mo ako. Sallak-o, hiwain mo ako." Hiniwa nga niya at bigas pala

ang laman noong bunga ng suha. Tawang-tuwa siya at pinuno niya ng suha, ang kanyang basket at siya'y umuwi na. Hindi na niya kinuha 'yong kaunting kamoteng nahukay niya.

At naku, parang bumata sina Sallak-o at ang kanyang asawa nang kumain sila doon sa bigas na bunga no'ng suha.

Wakas

Si Kallakal

May isang inutil daw noon na ang pangalan ay Kallakal. Araw-araw ay inuutusan niya ang kanyang inang maghanda ng kanyang pagkain. "Paghanda ninyo ako ng aking baon. Kailangang marami ha!"

Pinaghahanda naman siya ng kanyang ina ng kanin at nilagang kamote at kanyang ilalagay sa isang basket.

"Saan ka ba nagpupunta tuwing umaga?" ang tanong ng kanyang ina.

"Wala na kayong pakialam sa pinupuntahan ko," ang sagot naman ni Kallakal.

Maski gaano karami ang kanyang baon ay wala naman siyang

iniuuwing tira niya.

At sinabi ng kanyang ina, "Ano kaya ang iniuulam ni Kallakal sa kanyang baon? Maski marami ang ginagawa kong baon niya ay nauubos naman niya."

Nayamot ang kanyang ina kaya sinundan niya siya at kanyang manmanan. Nagpunta nga siya at nakita niyang nangingisda pala si Kallakal sa ilog. Nagtago ang ina ni Kallakal sa malaking bato habang pinanonood niya ang kanyang anak.

Punung-puno 'yong balde ng isda na nahuli niya. Umahon siya sa tubig at sinabi, "Ikaw na aking mata bumalik ka na sa akin," sabi niya.

At bumalik nga 'yong mata niya sa kanya at saka siya magparikit. Pagkatapos ay nag-ihaw siya ng isda.

At takang-taka ang kanyang ina dahil naubos ni Kallakal

'yong isang basket na kanin at kamote na binaon niya at iyong isang baldeng isda. Pagkatapos niyang kumain ay natulog siya hanggang magtatakip silim.

"Ah, ganoon pala ang buhay ni Kallakal araw-araw. Kumain at matulog. Nangingisda pala pero wala siyang dinadala sa bahay maski isa. At narito naman akong mag-isang gumagawa sa lahat ng trabaho dito," ang malungkot na sabi ng kanyang ina.

Kinaumagahan, sinundan naman siya ng kanyang ina dahil gusto niyang malaman kung anong ginagawa ni Kallakal para maalís ang kanyang mata. At nakita niya ang kanyang anak na nagpapainit sa tabi ng apoy doon sa tabi ng ilog.

Maya-maya, narinig niyang sinabi ni Kallakal, "Ikaw na aking mata, lumabas ka at ako'y sisid para mangisda." At lumabas nga ang kanyang mga mata at saka niya idinikit sa isang

bato at saka siya sumisid sa ilog upang mangisda.

Galit na galit ang kanyang ina, kaya kinuha niya 'yong mata ni Kallakal at saka niya ihinagis doon sa apoy at ito'y nagputukan.

Pero naroon pa si Kallakal na nangingisda. Nang umahon siya ay sinabi niya, "Ikaw na aking mata, bumalik ka na sa akin." Ngunit walang bumalik. At isinigaw niya ng malakas, "Aking mata, bumalik ka na! Nasaan ka ba?" At wala pa rin 'yong mata niya.

"Iyan ang bagay sa 'yo, Kallakal! Iyan ang bagay sa mga katulad mong sakim! Wala kang dinadala sa iyong mga nahuhuling isda pero inuubos mo naman 'yong ipinababaon ko sa 'yo!" sinabi ng kanyang inang galit na galit.

"Ay naku!" sabi ni Kallakal. "Ikaw ba 'yan inay?"

"Oo, ako nga! Hindi mo ba narinig 'yong pumutok? Iyon 'yong mga mata mo," sagot ng kanyang ina.

"Ina ku po! Mga mata ko 'yong pumutok? Ano ngayon ang gagamitin ko para makakita?" sabi ni Kallakal na alalang-alala.

At umiyak ng umiyak si Kallakal. Nagsisisi siya sa kanyang kalokohan ngunit anong magagawa niya! Huli na ang lahat.

Labis na nalungkot din ang ina ni Kallakal. At pinalitan nila 'yong mata niya ng usling mata ng palaka.

Ang Tatlong Magkakaibigan

May Lesdeg (isang uri ng susong may matigas na balat) daw noon na gustung-gusto niya ang maasim na pagkain. Isang araw umalis siya upang manguha ng bunga ng uway. Gumapang siya at sinunod niya ang ilog hanggang sa siya'y makarating sa isang lugar na tinatawag nilang Pengaw at doon niya natagpuan ang kanyang kaibigan na si Agodong (isang uri ng susong may malambot na balat).

At sinabi ni Agodong, "Saan ka ba pupunta Lesdeg?"

"Pupunta akong manguha ng bunga ng uway," ang sagot ni Lesdeg. "Gusto mo ba akong samahan?"

"Oo, sige! Mabuti pa. Wala naman akong ginagawa dito

eh," ang sagot ni Agodong. Kaya silang dalawa'y umalis at gumapang sila hanggang sa sila'y dumating sa Lana at doon nila nakilala si Alimango.

"Pupunta kaming maghanap ng makakain. Pupunta kaming maghahanap ng bunga ng uway. Sumama ka sa amin," sabi no'ng dalawa.

"Oo, sige. Tayo na," sabi ni Alimango. At pila-pila silang tatlong umalis hanggang sa dumating sila sa isang kagubatang tinatawag nilang Nalagiten. Tuwang-tuwa sila dahil nakarating sila sa lugar na may maraming bunga ng uway.

Napalundag si Alimango dahil sa tuwa at sinabi, "Ako ang aakyat, ano! Maghintay lang kayo diyan."

"Oo, sige," sabi ng kanyang mga kaibigan. Masayang masaya si Alimangong umaakyat. Pinili niya 'yong uway na may napa-

karaming bunga at kanyang yugyugin. "Wow! Ang sarap-sarap," sigaw ni Alimango habang siya'y kumakain. "Makakalimutan mo ang mga biyanan nito eh!"

Pero ang masama kay Alimango ay nakalimutan na niya 'yong dalawang kaibigan niyang nasa ibaba dahil sa kanyang katuwaan. Kumain siya ng kumain at lumalakas din ang kanyang pagyugyog doon sa puno ng uway. Walang anu-ano'y nabali 'yong sangang kinaroroonan niya at siya'y nahulog. Tumama siya sa matulis na bato at sa kasamaang-palad, nabasag ang kanyang talukap at siya'y namatay.

Labis ang pagdadalamhati ni Lesdeg kung kaya't humaguhol siya at lumabas ang kanyang katawan sa kanyang balat at siya'y namatay.

Labis na labis din ang pagdadalamhati at pag-aalala ni

Agodong dahil hindi niya malaman ang kanyang gagawin kung paano niya madadala ang kanyang dalawang kaibigan sa bahay nila. Kaya siya nagmamadaling umalis upang ibalita sa mga iba ang nanyari. Pagdating niya sa pasukan sa bayan, siya'y sumigaw nang napakalakas at lumabas din ang kanyang katawan sa kanyang balat at siya rin ay namatay.

Ang mga Lalaking Magkakapatid na Tamad

Mabuti ba sa isang tao ang tamad?

"Kasalanan sa Dios ang pagiging tamad. Kumakain pero hindi naman nagtatrabaho. Totoong may pera ako at kaya kong kumuha ng katulong natin. Pero ako, bilang ama ninyo, gusto kong matutuhan ninyo ang magtrabaho, dahil hindi kami laging buhay ng iyong ina na magbibigay ng iyong mga kailangan. Kaya mag-aral kayong mabuti para makatapos kayo sa iyong pag-aaral," ang payo ni Pikwi sa kanyang mga anak.

Ngunit nagdabog ang kanyang mga anak at sinabi, "Naku naman o!" At lumabas sila at kanilang hinanap ang kani-kanilang mga barkada. Sa halip na papasok sila sa paaralan, inaksaya

na lamang nila ang kanilang oras sa paglalasing paninigarilyo, pagsusugal at pagnanakaw ng manok. Kapag sila'y nakukulong, kawawa ang kanilang ama sa pagbabayad sa kanilang multa na ipapataw ng batas.

Lagi rin silang nahuhuli sa pagkain. Hindi nila inililigpit ang kanilang pinagkakainan at kung minsan ay hihimurin na lamang ng aso ang kanilang pinagkainan. Bahala na ang kanilang ina sa paghuhugas ng kanilang pinagkainan. Iniaasa nilang lahat ng mga gawain sa kanilang mga magulang.

Isang araw, nagkasakit ang kanilang ina at nagpunta naman ang kanilang ama sa kanilang rantso. Kaya walang magbayo ng palay. Kinagabihan, umuwi ang mga magkakapatid at sila'y naghahanap ng pagkain pero wala silang natagpuan.

At kumuha ang kanilang ama ng ilang bigkis ng palay at

inilagay niya ito sa gitna ng bahay.

"Halina kayo at kakain na tayo," sabi ni Pikwi sa kanyang mga anak.

Nagpunta nga sila at nagtataka sila dahil palay pala 'yong sinasabi ng kanilang ama na kakainin nila.

"Makakain ba natin ang hindi pa binayong palay? Hindi ba tayo mahihirinan dito at mamamatay?" sabi ng magkakapatid na tamad.

"Tama! At mababayo na lamang ba ang palay kung walang magbabayo? At maluluto na lamang ba ang pagkain kung walang magluluto at walang iigib?" sabi ng kanilang ama na galit na galit.

Labis siyang nagalit at siya'y inatake sa puso at siya'y namatay.

Lumala din ang sakit ng kanilang ina dahil sa pagkamatay ng kanyang asawa at dahil sa masasamang ugali ng kanyang mga anak, at hindi nagtagal siya'y namatay.

Ang Alamat ng Matsing

Noong unang panahon wala pa ang mga matsing. May isang lugar na tinatawag nilang Omlaang. Doon sa lugar na 'yon ay may batang ulilang-lubos. At ang masama ay wala siyang kamag-anak na puwede niyang tirahan.

Isang umaga, nagpunta siyang maghanap ng makakain niya. Habang siya'y naglalakad ay nakakita siya ng mga lalaking nag-aalis ng tuyong dahon ng tubo.

Nagmakaawa siya sa kanila a sinabi, "Pahingi nga po ng tubo at gusto kong magpangos."

"Ito! Ikaw na ang bahalang magbalat.. Inutil! Abala ka sa aming!" sabi ng isa sa kanila.

Nasaktan ang ulila sa sinabi no'ng tao kaya siya umuwi sa Omlaang. Nagmakaawa ang bata sa kanyang mga kapit-bahay at pabalatan niya sana 'yong tubo ngunit walang naawa sa kanya. Napahiya 'yong bata at kinuha niya ang tubo at kanyang isiniksik sa kanyang puwit. Nagkaroon ng balahibo ang tubo at naging buntot niya ito. Ganoon din ang nanyari sa kanyang katawan. Tumubo ang balahibo sa kanyang katawan. 'Yan ang pinanggalingan ng unang matsing sa Natonin.

Wakas

Si Sadsadyokana at ang Buwaya

Mayroon daw isang batang babae noon na nagngangalang Sadsadyokana.

Isang araw ng tag-init, inanyayahan siya ng kanyang mga kaibigan upang maglangoy.

"Sadsadyokana! Sadsadyokana! Halika at pupunta tayo sa Tabiyay-ew," ang tawag ng kanyang mga kaibigan.

"Oo, pero magbabaon tayo dahil malayo ang Tabiyay-ew," sagot naman ni Sadsadyokana.

Kaya umalis ang mga bata na tuwang-tuwa at kumakanta pa sila sa daan hanggang sa dumating sila doon sa malalim na sapa ng talon sa Tabiyay-ew. Malinaw na malinaw ang tubig na

nanggagaling sa masinsing kagubatan sa tabi ng talon. Agad silang naghubad at sila'y naglangoy. Matagal silang nagkatuwaang naglangoy at patalun-talon sa tubig. Ginutom sila kaya umahon na sila at sila'y kumain.

At pagkatapos nilang kumain ay sinabi ng pinakamatanda sa kanila, "Magpahinga muna tayo nang kaunti bago tayo umuwi."

"Sumang-ayon silang lahat maliban kay Sadsadyokana. Sabi niyang hindi bale raw at nagpunta sa bukid ang kanyang mga magulang at gagabihin silang umuwi. Kaya nang umuwi na ang kanyang mga kasama, naghubad uli si Sadsadyokana at siya bumalik sa sapa.

Pagkalipas ng ilang sandali lumabas 'yong buwayang nakatira doon sa sapa. Kinuha niya ang damit na hindi nalalaman ni Sadsadyokana. Nang lumamig na ang tubig doon sa sapa dahil

hapon na ay umahon na siya sa tubig. Nagtaka siya dahil wala 'yong damit niya doon. Hinanap niya ng hinanap at walang anu-ano'y nakita lamang niya ang kanyang damit na kagat-kagat ng isang buwaya. At naku! Napasigaw siya dahil sa kanyang pagkatakot.

At sinabi ng buwaya, "Kung pakakasal ka sa akin, ibibigay ko ang iyong damit."

At sinabi naman ni Sadsadyokana, sa kanyang sarili, "Magsisinungaling ako sa buwaya." At nagsinungaling nga sa buwaya at sinabi, "Oo basta ibigay mu lamang ang damit ko, pakakasal ako sa iyo."

Ngunit pagbigay ng buwaya sa kanya ang kanyang damit ay tumakbo siya nang mabilis. Sinunod na lang niya ang mga pilapil ng mga pelayan at tumawid na lang siya sa taniman ng

kamote hanggang sa siya'y makarating sa bahay nila. Hindi siya nahabol ng buwaya. Pagod na pagod si Sadsadyokana. Humihingal siya habang isinasalaysay niya sa kanyang mga magulang ang nanyari.

Kinaumagahan may kumatok sa pintuan at binuksan ni Sadsadyokana. Gulat na gulat siya dahil naroon 'yong buwaya. Alam na niya ang sadya ng buwaya. Umliyak siya at sinabi, "Batang-bata pa ako para mag-asawa. Wala akong gusto sa 'yo maski katiting."

Habang nagtatalo sina Sadsadyokana at ang buwaya ay naghanda naman ang ama ni Sadsadyokana at kanyang tinaga ang buwaya hanggang sa manatay. Simula noon natutuhan ni Sadsadyokana na huwag sanang matigas ang kanyang ulo.

Si Agginsood

Umiiyak si Aket dahil kinuha ng kanyang nakatatandang kapatid na lalaki ang kanyang laruan.

At sinabi ng kanyang lola, "Bayaan mo lang siya. Halika dito at kukuwentuhan kita tungkol kay Agginsood.

Biglang tumigil si Aket sa pag-iyak at masayang lumapit sa kanyang lola upang makinig sa kanyang kuwento.

"Sood, sood. Ako si Agginsood. Mayroon ba kayong tirang pagkain, Tonak?"

"Wala, dahil ang anak kong si Gana ay nagmiryenda kanina at 'yong tira namin ng kinain niya," sabi ni Tonak.

"Kinuha ni Agginsood ang kaldero nila Tonak at itinapon

niya ito sa malayung-malayo.

"Mamatay ka sana, Agginsood," sabi ng asawa ni Tonak. At hinabol niya si Agginsood hanggang sa makarating sila sa Bangnin. Pero hindi inaabutan dahil napakabilis ang pagtakbo ni Agginsood, para siyang usa.

Dumating si Agginsood hanggang sa Bauko. Nagpunta siya bahay ni Abbako at sinabing, "Sood, sood. Ako si Agginsood. Mayroon ba kayong tirang pagkain Abbako?"

"Wala maski kaunti. Kinain ni Kokang kanina dahil naging bisita ko siya," sabi ni Aggaw na asawa ni Abbako.

"At pumasok si Agginsood at kinain niya ang isang basket na puno ng ginagawang alak-bigas. At nagkasakit siya ng tiyan at isinuka niya lahat ng kinain niya.

"Mamatay ka sana Agginsood. Sobra ang takaw mo," sabi

ni Aggaw.

Nang gumaling si Agginsood, sinabi niya, "Aalis na ako dahil malapit na ang tanghali at malayung-malayo ang Mapmapao na aking nayon.

Kinaumagahan, nagpunta na naman siya sa Tadian. Dinaanan niya ang bahay ni Pekkepekke. Nakita siya ni Pekkepekke at tinanong sa kanya, "Saan ka ba pupunta Agginsood?"

"Hulaan mo kung saan ako pupunta. Nagpunta ako dito para tanungin sa asawa mong si Ligaya kung mayroon kayong tirang pagkain. Mayroon ba kayong tira, Ligaya?" tanong ni Agginsood.

"Wala kang kahihiyang Agginsood. Ikaw ang pinag-uusap-usapan ng tao dahil sa iyong paghihingi ng tirang pagkain. Napakalakas no pero hindi mo man lang makita ang kakainin mo!"

sabi ni Ligaya na asawa ni Pekkepekke na nagalit.

"Pumasok ka na lang, Agginsood. Naghandog kami ng baboy kahapon at marami kaming tirang karne," sabi ni Pekkepekke na nag-anyaya. Sobra ang kanyang pagkabusog at parang puputok ang tiyan niya. At saka siya nahimbing na parang sawa.

At sinabi ni Ligaya, "Napakatakaw mo! Maski busog ka na, sige ka pa rin nang kain."

Narinig niya si Ligayang bumubulung-bulong kaya siya bumangon at siya'y lumayas. Nagpunta siya sa Banaaw, sa bahay ni Bagsaw.

At sinabi niya, "Sood, sood. Ako si Agginsood. Mayroon ba kayong tirang pagkain, Bagsaw?"

"Walang-wala dahil kinain ng lima naming bisita kanina. Gayon man, pumasok ka at inom tayo ng alak-bigas." Nalasing siya at siya'y natulog at siya'y humihilik na parang baboy.

Sa gabing 'yon, hindi makatulog si Bagsaw dahil sa malakas

na paghilik ni Agginsood.. At tinawag niya ang kanyang mga kapit-bahay at sinabi, "Dadalhin natin si Agginsood sa kanyang bahay sa Mapmapao. Siguro, nag-aalala na ang kanyang asawa dahil gabing-gabi na pero wala pa rin siya sa bahay nila.

Dala-dala nila siya pero hindi niya namamalayan. Pagdating nila sa Innodey, inihulog nila siya sa mataas at matarik na dalisdis. At 'yan ang katapusan ng kuwentong tungkol kay Agginsood.

Ang Daga at ang Ibon

Mayroon daw magkaibigan noon na isang Daga at Ibon. Gusto nilang puntahan ang mga ibang lugar dahil gusto nilang malaman ang lunas ng suliranin ng mga daga tungkol sa pakikipagbaka nila sa kanilang mga kaaway na mga pusa.

Sumakay sila sa tutong ng kanin at sila'y namangka dahil ilog ang daraanan nila. Nagkataong nasa paliku-likong ilog sila at hindi sila nakarating sa mga lugar na gusto nilang puntahan. Sinamantala ng dagang kutkutin ang kanilang bangkang tutong ng kanin kaya lumiit nang lumiit. 'Pag makikita ng Ibon ang Daga ay tinatanong niya, "Ano bang kinukutkot mo riyan?"

"Wala, pinatatalim ko lang ang aking ngipin," sabi ng Daga.

"Huwag mo namang ubusing kukutin ang bangka natin para huwag lumiit at hindi tayo tataob," sabi ng Ibon.

"Hindi naman. Pinatatalim ko lang ang ngipin ko," sabi ng Daga.

Nang dumating sila sa bahagi ng ilog na malakas ang agos, kamuntik na silang tumaob at sinabi ng Ibon, "Nakita mo na. Kung tinigilan mo sanang kukutin, di hindi sana mapanganib ang bangka natin maski nasa mabilis na agos tayo," sabi ng Ibon. Hindi kumibo ang Daga.

Nang dumating na naman sila sa walang agos, inumpisahan na naman ng Daga ang magkukot sa kanilang bangka. Nakita na naman ng Ibon ang Daga at sinabi niya, "Ano ba ang lagi

mong kinukutkot? Sinabi ko nang tigilan mo ang kakukutkot sa bangka para hindi maubos. Ikaw ang kawawa kung tataob ang bangka natin. Hindi no alam ang lumangoy. Hindi bale sa akin at lilipad na lang ako kung tataob ang bangka natin. Tigilan mo na 'yang kakukutkot mo."

"Hindi naman eh! Pinatatalim ko ang aking ngipin," sabi ng Daga.

Nang dumating na naman sila sa may malakas na agos, tumaob ang kanilang bangka dahil maliit na maliit na, at nalunod ang Daga ngunit lumipad na lang 'yong ibon at sinabi, "Iyan ang napala mo sa iyong kalokohan at iyong pagkamasuwayin."

Wakas

Ang Mangingisda at ang Higante

May isang mangingisda raw noon na nakatira sila ng kanyang asawa sa tabi ng dagat. Wala silang ibang mapagkukunan ng kanilang ikabubuhay kundi sa dagat na pinangingisdaan nila. Inuulam nila ang mga isdang nahuhuli nila ngunit ipinapalit nila ng bigas 'yong iba.

Ginagawa ng mangingisda ang kanyang makakaya para mas marami siyang mahuhuli at mayroon siyang ibibili ng kanilang mga ibang kailangan, pero hindi rin umunlad ang kanilang pamumuhay.

Isang araw, nang nangingisda ang mangingisda at nag-iisip kung papaano niya pauunlarin ang kanilang pamumuhay ay bigla

na lamang bumigat ang kanyang lambat. Agad niyang inayos ang kanyang pagkakatayo at hinatak niya at isang bote lang pala na may tapon ang nahuli ng kanyang lambat at wala nang iba.

Binuksan niya ito para tingnan niya kung bakit mabigat ito at biglang na lamang may maitin na usok na bumugang paitaas. Pinagmasdan niyang mabuti ang usok at ito'y naging isang Higante. Tinungo ng Higante ang mangingisda at sinabi, "Kakainin kita ngayon."

"Maawa ka sa akin. Huwag mo akong kainin dahil 'pag kakainin mo ako, hindi kakain ang aking asawa," sabi ng mangingisda.

Humalak ang Higante at sinabi, "Anong pakialam ko sa iyong asawa. Maski anong sabihin mo ay kakainin pa rin kita ngayon."

"Anong magagawa ko, kung kakainin mo ako. Pero bago mo ako kainin puwede ko bang malaman kung saan ka nanggaling," sabi ng mangingisda.

Napangiti ang Higante at sinabi, "Galing ako as bote. Saan pa ba. Gusto mo lamang akong antalahin sa pagkain ko sa iyo. Kung gutom lang ako, kinain na sana kita kanina pa," sabi ng Higante.

"Hindi ako maniniwala. Papaano kakasiya sa isang bote ang Higanteng kasing laki ng limang kalabaw," sabi pa ng mangingisda.

"Gusto ko lang na masiyahan ka bago kita kainin. Tingnan mo ako at patutunayan ko sa 'yo na galing ako sa bote," sabi ng Higante.

Naging usok na naman siya at pumasok sa boteng pinang-

galingan niya. Nang nasa ilalim na ito ay inilagay ng mangingisda ang tapon ng bote at saka niya inihagis sa malayo 'yong bote at sinabi, "Ang hindi marunong lumingon sa pinang-galingan ay hindi makakarating sa pararoonan."